IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 2 February 2025, eISSN: 2799-0664

# Estilo Ng Pagkatuto At Akademikong Performans Ng Mga Mag-Aaral Sa Filipino: Batayan Sa Pagbubuo Ng Interbensyon

**KEVIN MARK S. JIMENEZ**
Ifugao State University, Potia Campus
Alfonso Lista, Ifugao
Nueva Vizcaya State University
Bayombong Campus, Bayombong Nueva Vizcaya.
markyjimenez.26@gmail.com

**BLESILDA S. JIMENEZ**
Department of Education- Santiago City

**RODEL B. GUZMAN**
Isabela State University
Echague Campus, Echague, Isabela

*Abstrak* — Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa ugnayan sa pagitan ng propayl ng mga mag-aaral at ng kanilang estilo ng pagkatuto; at ugnayan ng estilo ng pagkatuto at akademikong performans ng mga mag-aaral. Ginamit ang deskriptibong-korelasyonal na pag-aaral upang tugunan ang pangunahing layunin nito. Kinasangkutan ito ng mga mag-aaral na nasa Ikapitong Baitang sa Unibersidad ng La Salette, Santiago City. Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos ay talatanungan.

Batay sa naging resulta, masasabing may makabuluhan at direktang ugnayan sa pagitan ng estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa kanilang propayl na kasarian at pinagtapusang elementarya. Ang kababaihan ay higit na natututo sa estilong auditory habang ang kalalakihan ay mas natututo sa estilong group. Gayundin, ang mga nagtapos sa private school at public central school ay higit na natututo gamit ang estilong group habang ang mga nagtapos naman sa public barangay school ay higit na natuto sa estilong auditory. Natuklasan din sa pag-aaral na walang makabuluhang ugnayan ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral at ang kanilang paggamit ng social networking platform at sa kinabibilangang etnolinggwistikong grupo. Napag-alamang ang estilo ng pagkatuto at ang akademikong performans ng mga mag-aaral ay may makabuluhan at direktang ugnayan. Ang mga pinakamahuhusay na mag-aaral ay higit na natututo gamit ang estilong indibidwal. Samantala, ang mga mahuhusay ay higit na natuto gamit ang estilong auditory. Dagdag pa, ang mga mag-aaral na may katamtamang husay ay higit na natututo gamit ang estilong group habang ang mga mag-aaral na maykahinaan ay mas natututo gamit ang estilong biswal

***Keywords — Authors should provide appropriate and short keywords. The maximum number of keywords is 10. Estilo ng Pagkatuto, Akademikong Performans, Filipino***

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## I. Panimula

Sa nakalipas na higit na dalawang taon, ang pandemya na lumaganap sa buong daigdig ay naging malaking suliranin ng Kagawaran ng Edukasyon. Upang maipagpatuloy pa rin ang edukasyon kasabay ng pagpapanatili ng kaligtasan ng mga mag-aaral, guro, at iba pang alagad ng Departamento ay isinagawa ang Distance Learning bilang paraan ng pagkatuto. Ang Unibersidad ng La Salette sa Lungsod ng Santiago, bagama't pribadong paaralan, ay humarap din sa maraming problema dulot ng pandemya katulad na lamang ng iba't ibang mental issues ng mga mag-aaral, distansya ng tirahan sa pick-up point ng modyul na naging sanhi ng mabagal na pagkuha at pagsasaoli sa mga modyul. Bahagi rin ng mga suliraning kinaharap ng mga ito ay ang kawalan ng internet o mahinang internet connection upang magsaliksik ng mga impormasyon na makatutulong sa pagsagot ng mga modyul. Bago magsimula ang taong panuruan ang mga guro sa Unibersidad ng La Salette ay dumaraan sa iba't ibang seminar upang tumuklas ng mga estratehiyang gagamitin upang maging epektibo ang kanilang pagtuturo. Simula Agosto, 2022, nagbalik sa face-to-face classes sa paaralan ang mga mag-aaral. Dahil dito, ang mga mag-aaral ay nagbalik sa dating paraan ng pag-aaral na muling nagdulot sa kanila ng pagbabago sa larangan ng pagkatuto. Naging malaking hamon ito dahil nahirapan silang iangkop muli ang kanilang sarili sa dating paraan ng pagkatuto. Sa kasalukuyang ding taon, inilabas ng Unibersidad ng La Salette ang resulta ng kanilang isinagawang assessment hinggil sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Ika-7 Baitang. Ayon sa resulta, sila ay nakakuha ng pangkalahatang Mean Standard Score na 474. Mas mababa ito ng 26 puntos kaysa sa average ng norm group na 500. Nangangahulugan ito na ang komprehensyon ng mga mag-aaral ay nasa mababang antas. Dahil dito ang mga guro sa Unibersidad ng La Salette ay mas pinaigting ang pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo sa mga mga mag-aaral. Ang estilo ng pagkatuto ay tumutukoy magkakaibang paraan ng mga mag-aaral upang magtamo at kumuha ng impormasyon mula sa kanyang paligid (Abante et al., 2014). Ito ay mahalaga para sa mahusay na performans (Sitar et al., 2016). Maraming mananaliksik na ang nakadiskubre na sa iba't ibang salik na nakaaapekto sa estilo ng pagkatuto. Katulad na lamang nina Song at Oh (2011), at Jia-Ying (2011) na napatunayang nakaaapekto ang kultura sa estilo ng pagkatuto. Sa pananaliksik naman nila Abante, et al. (2014), natuklasan sa kanilang pag-aaral na ang kasarian ay may kinalaman sa estilo ng pagkatuto ng isang indibidwal. Kaya, ang mga salik tulad ng mga ito ay kailangang isaalang-alang sa pagtukoy ng estilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral Dahil sa pagkakaiba-iba ng estilo sa pag-aaral, ang mga mag-aaral ay kadalasang nakahahanap ng hindi pagkakatugma sa pagitan ng kanilang mga pagkatuto at pamamaraan ng pagtuturo. Responsibilidad ng mga tagapagturong maihatid ang kanilang aralin nang wasto sa pamamagitan ng pagtanggap sa pagkakaiba-iba ng mga estilo ng pagkatuto. Upang malampasan ang posibilidad ng pagtrato sa lahat ng mga mag-aaral sa parehong paraan, ang kaalaman sa kanilang mga estilo ng pag-aaral ay nakatutulong sa mga tagapagturo. Ang kaalamang ito ay maaari ring maging kapaki-pakinabang na asset sa pagtukoy ng mga problema sa pag-aaral ng mag-aaral at gawin silang epektibo at mahusay na mag-aaral. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matukoy ang estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral na nasa Ika-7 Baitang ng paaralang Unibersidad ng La Salette at ang kanilang akademikong performans sa asignaturang Filipino sa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

una at ikalawang markahan ng Taong Panuruan 2022-2023. Napili ang Ikapitong Baitang bilang kalahok dahil ito ang kanilang unang taon sa sekondarya at humaharap sila sa pagbabago dahil ang paraan ng pagtuturo ng mga sekondaryang guro ay iba sa elementarya. Inaasahang ang magiging resulta ng pag-aaral na ito ay magbibigay ng mabisang batayan sa mga guro ng Filipino upang lalo nilang paunlarin ang kanilang estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

**Kaugnay na Literatura**

Ayon kina Abante et al., (2014) na nagsabing ang mga estilo sa pagkatuto ay tumutukoy sa mga pagkakaiba-iba ng bawat isa sa kanilang kakayahang mag-ipon at mag-asimilasyon ng impormasyon. Karaniwan, ang iyong estilo ng pag-aaral ay ang pinakamahusay na paraan na nagbibigay-daan sa iyo na mangalap at gumamit ng kaalaman sa isang tiyak na paraan. Samantala, ayon kina Alavi at Toozandehjani (2017) sa kanilang pananaliksik na “The Relationship between Learning Styles and Students’ Identity Styles” ang pagkakaroon ng karanasan sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay maaaring nakadaragdag ng kaalaman, gayundin ito ay nakatutulong sa kanilang pagsasakatuparan ng mga responsibilidad sa paaralan.

Ayon sa artikulong nailathala sa Lincoln Land Community College, ang mga dapat gamiting paraan ng pagtuturo para sa mga mag-aaral na may visual na estilo ng pagkatuto ay ang mga sumusunod: paggamit sa talakayan ng mind pictures o mind maps; pagkuha ng mga tala; paggamit ng “clue” sa pagbabalik-aral, paggamit ng tsarts, dayagrams, at listahan; panonood; paggamit ng photographs, paggamit ng plakards; panonood ng tebisyon, at marami pang iba. Ang mga angkop na estratehiya sa pagtuturo para sa mga Auditory learner ay gumamit ng mga audiotape para sa pag-aaral, basahin ang impormasyon nang malakas tuwing nag-aaral, ugaliing magtanong, at magpanood ng mga video (Ldpride.net, 2008). Ang magandang pagsubok na gawain sa kanila ay pagsusulat ng mga tugon sa mga lektura na kanilang narinig at oral exams (Fleming, 2015). Ayon naman kay Somji (2018), hikayatin ang mga mag-aaral na magkaroon ng dalawahang gawain at magpaliwanag ng mga konsepto sa isa't isa, hikayatin sa paglutas ng problema nang malakas, imungkahi na muling basahin ang kanilang mga tinala sa klase kapag sila ay nakauwi na, gumamit ng mnemonic device at rhyming. Kung magpapaliwanag naman ng isang kuwento, i-play ang mga nauugnay na tunog mula sa iyong kompyuter. Pangatlo ay ang kinesthetic learning style. Ayon sa Ldpride.net (2008), ang kinesthetic learning style ay pagkatuto sa pamamagitan ng pagproseso ng impormasyon gamit ang kanilang pandama at pakiramdam, gaya ng paghawak sa mga hugis at texture. Nilathala naman ni Fleming (2015) na ang estilong ito ay pagkatuto sa pamamagitan ng pagdanas sa isang bagay, sa pamamagitan ng karanasan, sa pamamagitan ng pisikal na pakikilahok sa mga karanasan sa silid-aralan. Naaalala nang mabuti ang impormasyon tuwing aktibong nakilalahok sa mga gawain (Ejercito, et al., 2017). Nakasaad sa Ldprde.net (2008) na ang epektibong estratehiya para sa kinesthetic learners ay ang pagbibigay ng isang aktibidad na may kinalaman sa pisikal; pag-aaral sa isang posisyon na komportable, kahit na ito ay hindi isang tradisyonal na set-up ng desk/table o upuan; pagsasagawa ng field trip; at paggawa ng mga drills o memory exercises habang naglalakad o nag-eehersisyo. Gayundin ang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

kay Somji (2018) na nagsabing ang mga estratehiya para sa kanila ay ang pagbigay ng mga pisikal na ehersisyo; pagbigay ng aktibidad kung saan gumagamit sila ng panulat at papel upang i-map out ang kanilang mga iniisip at lutasin ang problema dahil ang pagsulat ay isang pisikal na ehersisyo. Ang pinakamahusay na pagsubok para sa kanila ay maikling kahulugan, at maraming pagpipilian (Fleming, 2015) Ayon kay Somji (2018), ang panlima, ang individual learning style o tinatawag ding interpersonal o solitary, ay isang estilo ng pagkatuto na mas natututo ang isang mag-aaral tuwing sila ay gumagawa ng gawain o nag-aaral nang mag-isa. Ito rin ang nakasaad sa artikulong inilathala sa Edapp ng Safety Culture (2022) na ang estilong ito ay para sa mga mas natututo kapag nag-iisa, o ang mga indibidwal na self-driven, mahilig magtrabaho nang walang kasama at mas matuto nang pinakamahusay sa kanilang sarili. Ang mga individual learner ay nagtutuon ng maraming oras sa pagmumuni-muni sa kanilang sarili at pinahahalagahan ang pagpapabuti ng kanilang sarili (Operiano, 2022). Ayon naman sa artikulong Intrapersonal Learning Style (2022), ang mga ganitong klaseng mag-aaral ay mahilig magsulat sa kanyang talaarawan, nasisiyahang gumugol ng oras nang mag-isa, hindi sanay sa maraming tao at maingay na mga silid, gustong magtakda ng mga layunin at gumawa ng mga plano, at lubos na independent. Ayon kay Candy (1991), may anim na katangian ang ang estilong individual o pag-aaral nang mag-isa. Ito ang ang curiosity, self motivation, self-examination, accountability, critical thinking, at persistence. Ibig sabihin, ang estilong indibidwal ay nangangailangan ng mataas na kognitibo, metakognitibo, at apektibong kasanayan, kung kaya ang estilong ito ay angkop sa mga lubhang mahuhusay na mga mag-aaral (Vinikas, 2022) sa kanyang artikulong "Independent Learning: What It Is and How It Works". Panghuli ay ang group learning style na tinatawag ding interpersonal o social. Ayon kay Somji (2018), ito ay tumutukoy sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral kung saan pinoproseso ng mga mag-aaral ang impormasyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba at nasisiyahan silang makipagtulungan sa iba at kadalasan sila ang nangunguna sa mga panggrupong aktibidad. Ganito rin ang inilathala ni Operiano (2022), na sa estilong ito ang mga mag-aaral ay mas natututo sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mga aktibidad sa pag-aaral ng grupo tulad ng pagtatanong sa isa't isa o pagbuo ng mga grupo ng pag-aaral. Sila ay nasisiyahan sa pakikipag-ugnayan sa iba, nagtatrabaho sa mga koponan at grupo, at sa pangkalahatan ay umuunlad sa pamamagitan ng mga social na pakikipag-ugnayan. Isinaad din ng artikulong nabanggit ang mga estratehiya sa pagtuturo na naaangkop sa group learners. Sinabi rito na tiyaking makapagbigay lagi ng maraming feedback dahil gustong marinig ng mga mag-aaral na ito ang mga papuri at mula sa isang kasamahan o tagapagturo. Ayon naman kay Somji (2018), dapat maging palatanong ang tagapagturo; hikayatin silang magbahagi ng kanilang mga ideya sa bawat isa; hayaan silang maging bahagi ng talakayan at magkuwento; at magbigay ng maraming gawain na panggrupo. Nakasaad sa dyurnal na IPL- Five Characteristics of Cooperative Learning, na sa group na estilo ng pagkatuto, ang mga mag-aaral ay may pagkakataong magtulungan at makipag-ugnayan sa sa isa't isa sa isang kapaligiran na may mababang stress at mataas na awtonomiya na nagbibigay-daan din sa pagtataguyod ng personal na responsibilidad at panlipunang relasyon sa pagitan nilang lahat.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 2 February 2025, eISSN: 2799-0664

## II. Methodolohiya

### Disenyo ng pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong-korelasyonal na disensyo ng pag-aaral. Sa pag-aaral na ito, gumamit ng deskriptibong-korelasyonal na pag-aaral upang mailarawan ang mga baryabol tulad ng propayl ng mga mag-aaral, ang kanilang estilo ng pagkatuto, at akademikong performans; at matukoy ang relasyon sa pagitan nila.

### Mga Tagatugon sa Pag-aaral

Ang pag-aaral ay kinasangkutan ng mga mag-aaral na nasa Ika-7 Baitang sa Unibersidad ng La Salette, Santiago City. Ang mananaliksik ay gumamit ng random sampling para sa pagpili ng mga magiging kalahok. Mula sa populasyon na 284 na mga mag-aaral, 163 sa mga ito ang naging sample size gamit ang 95% degree of confidence and 5% allowable error mula kina Krejecie at Morgan.

### Instrumentong ginamit sa Pag-aaral

Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral ay isang talatanungan. Nahahati ito sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay tungkol sa propayl ng mga mag-aaral tulad ng kasarian, pinagtapusang elementarya, social networking site na ginagamit at akademikong performans. Ang pangalawang bahagi ay isang estandardisadong talatanungan na binuo ni Reid (2010). Ito ay isang tseklist type na talatanungan. Ito ay mayroon 30 tanong.

### Paraan ng Pangangalap ng Datos

Sarbey ang pangunahing estilong ginamit sa pangangalap ng datos. Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Punong-Guro ng Unibersidad ng La Salette-High School Department. Pagkatapos maaprubahan, ang talatanungan ay personal na ipasasagot sa mga kalahok. Upang tugunan ang mga kahingian ng Data Privacy Act of the Philippines, ang mga magulang ng mga tagatugon ay hiningan ng consent upang makuha ang grado ng mga mag-aaral sa kanilang asignaturang Filipino.

### Pagsusuri at Estatistikang Pagpapakahulugan sa mga Datos

Sa pagsusuri ng datos, ang mga sumusunod na tool sa istatistika ang mga ginamit:

**Una,** ginamit ang *frequency counts at percentages* upang matukoy ang propayl ng mga tagatugon tungkol sa kanilang kasarian, pinagtapusang elementarya, social networking site na ginagamit at kinabibilangang etnolinggwistikong grupo. Ang mga nabanggit din ang ginamit upang malaman kung anong estilo ng pagkatuto ang ginagamit ng mga mag-aaral at ang akademikong performans ng mga mag-aaral sa una at ikalawang markahan sa asignaturang Filipino ng Taong Panuruang 2022-2023.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 2 February 2025, eISSN: 2799-0664

**Pangalawa,** ginamit ang *chi-square* upang malaman kung ano ang relasyon sa pagitan ng estilo ng pagkatuto ng mga tagatugon at ang kanilang propayl; at relasyon sa pagitan ng estilo ng pagkatuto at akademikong performans ng mga tagatugon.

## III. Resulta at Diskusyon

Makikita sa bahaging ito ang mga nakalap na datos at interpretasyon nito.

**Profayl ng mga Tagatugon**

**Talahanayan 2. Profayl ng mga Tagatugon**

| Profayl | Frequency (n=163) | Percent (100.0) |
|---|---|---|
| Kasarian | | |
| Babae | 88 | 54.0 |
| Lalaki | 75 | 46.0 |
| Pinagtapusang Elementarya | | |
| Private School | 56 | 34.4 |
| Public Central School | 63 | 38.7 |
| Public Barangay School | 44 | 27.0 |
| Kinabibilangang Etnolinggwistikong Grupo | | |
| Tagalog | 137 | 84.0 |
| Ilokano | 16 | 9.8 |
| Gaddang | 2 | 1.2 |
| Yogad | 1 | 0.6 |
| Iba pa | 7 | 4.3 |

<u>Kasarian.</u> Makikita sa Talahanayan 2 na mas nakahihigit ang mga babae kaysa sa lalaki. Mula sa kabuuang bilang ng mga tagatugon na 163, 88 o 54.0 bahagdan ang kababaihan samantalang 75 o 46.0 bahagdan ang kalalakihan.

<u>Pinagtapusang Elementarya.</u> Ipinapakita rin ng talahanayan na pinakamarami sa mga mag-aaral ang nagtapos ng elementarya sa public central school na may kabuuang 63 o 38.7 bahagdan. Samantala, 56 o 34.4 bahagdan sa mga tagatugon naman ay nanggaling sa private school, at 44 o 27.0 ang nagtapos sa public barangay school.

<u>Kinabibilangang Etnolinngwistikong Grupo</u>. Ang nangunguna sa kinabibilangang etnolingwistikong grupo ng mga mag-aaral batay sa talahanayan ay Tagalog na may bilang na 137 o 84.0 bahagdan. Samantala, pinakamababa ang Yogad may bilang lamang na isa (1) o 0.6 bahagdan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Social Networking Site na Ginagamit**

**Talahanayan 3. Social Networking Site na Ginagamit**

| Social Networking Site | Mean | Descriptive Equivalent |
|---|---|---|
| Facebook | 4.0982 | Napakadalas (5-6 araw) |
| Messenger | 4.5644 | Lubhang Napakadalas (Araw-araw) |
| Instagram | 2.4049 | Madalang (1-2 araw) |
| Twitter | 1.7485 | Madalang (1-2 araw) |
| Tiktok | 4.4663 | Napakadalas (5-6 araw) |
| YouTube | 3.5644 | Napakadalas (5-6 araw) |

*Legend: 1.50-2.49 = Madalang (1-2 araw); 3.50-4.49 = Napakadalas (5-6 araw); 4.50-5.0 = Lubhang Napakadalas (Araw-araw)*

Mahihinuha mula sa talahanayan na ang Messenger ang pangunahing ginagamit na social networking site samantalang Twitter naman ang pinakamadalang gamitin na social networking site ng mga mag-aaral. Sa mga gumagamit ng social media sa Pilipinas, ang Facebook at messenger ang pinakaginagamit na platform batay ito sa datos mula sa Statista noong 3rd quarter ng 2022. Sa isang artikulo na inilathala sa VulcanPost (2014), nakasaad dito kung bakit ang messenger ang pinakamadalas gamitin. Ito ay dahil nagagawa na halos lahat ng Facebook Messenger ang inaalok ng iba pang apps tulad ng sticker, mag-attach ng mga file, ang de-facto social networking site sa bansa at ito ay inaalok sa napakababang presyo ng mga telcos sa ating bansa. Sa kabilang banda, ang Twitter naman ay isang social networking at microblogging na serbisyo na nagbibigay kakayahan sa gumagamit nito na magpadala at basahin ang mga mensahe na kilala bilang mga tweets source. Sa isang artikulong isunulat ni Shepherd (2023), ang Twitter ay nasa panlabinlima lamang sa pinakasikat na Social Media network. Batay sa sa artikulong ito ang mga nasa edad 25-34 taong gulang ang may pinakamaraming gumagamit ng Twitter na may 38.5 na bahagdan. Samantala, ang edad 10-17 taong gulang naman ang may pinakamababang gumagamit nito na may 6.6 bahagdan lamang. Ito ay sang-ayon sa naging resulta sapagkat ang mga tagatugon ng pananaliksik na ito ay edad 12 taong gulang.

**Estilo ng Pagakatuto ng mga Tagatugon**

**Talahanayan 4. Estilo ng Pagakatuto ng mga Tagatugon**

| Estilo ng Pagakatuto | Frequency | Percent |
|---|---|---|
| Visual | 17 | 10.4 |
| Auditory | 41 | 25.2 |
| Kinesthetic | 23 | 14.1 |
| Tactile | 11 | 6.7 |
| Group | 38 | 23.3 |
| Individual | 33 | 20.2 |
| **Total** | **163** | **100.0** |

Batay sa talahanayan sa itaas, dominante ang estilo na auditory sa mga mag-aaral. Mula sa kabuuang 163, 41 o 25.2 bahagdan ng mga mag-aaral ay ang pumili sa auditory bilang kanilang estilo. Sa pananaliksik ni Cuadra (2017), ipinaliliwanag niyang ang paggamit ng mga kagamitang *visual aid* ay lubhang nakatutulong sa pagtuturo sapagkat karamihan ng mga mag-aaral ay may

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

estilong biswal o auditory. Dagdag pa niya, ang paggamit ng kagamitang biswal ay nakatutulong upang higit na maipaliwanag sa mga mag-aaral ang mga konseptong itinuturo sa anomang asignatura. Dahil mas nakapagpapaliwanag ang guro, higit namang mabilis at mas mataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Natuklasan din ni Kayalar (2017) na ang estilong auditory ay nagbibigay ng kakayahan sa mag-aaral na matuto sa pamamagitan ng pakikinig ng talakayan mula sa kanilang guro. Ang pangalawa naman ay ang group na estilo na pinili ng 38 o 23.3 bahagdan ng mga mag-aaral. Sa pananaliksik nina Tsay at Brady (2010) at Safhire (2011) ang mga mag-aaral na tunay na nakilalahok sa pangkatang gawain na nagpapakita ng asal sa pakikipagtulungan, pagbibigay ng makabuluhang pidbak at pakikipagtulungan sa kanilang grupo ay may mataas na posibilidad na magkaroon ng mataas na iskor sa mga pagsusulit at marka sa katapusan ng semestre. Ang resulta ng kanilang pananaliksik ay sumusuporta sa diwa na ang kolaboratibong pagkatuto ay isang aktibong estratehiya na nagpapayaman sa mas mataas na marka. Nagbigay si Ornstein (1990) ng sampung (10) gawain upang makamit ang kolaboratibong pagkatuto *brainstorming, debate, panel, symposium, role playing, fish bowl, critiquing session, round table, jury trial, at majority-rule decision making*. Makikita rin sa talahanayan na 33 o 20.02 bahagdan ng mga mag-aaral ang kabilang sa estilong individual. Sumasang-ayon dito si Usuki (2001) na ang mga mag-aaral ay kailangang sanayin at udyukan upang maging malayang mag-aaral. Higit pa rito, binibigyang-diin niya na ang tungkulin ng mga guro bilang mga facilitator na tumutulong sa mga mag-aaral sa pagkakaroon ng mga independiyenteng kasanayan sa pag-aaral. Nakasaad din sa talahanayan na 17 o 10.4 bahagdan ng mga mag-aaral ang may estilo na visual. Ang mga mag-aaral tulad nila ay mas natututo sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga isinulat ng guro sa pisara, mas naiintindihan ang panuto kapag binabasa, at mahilig magbasa ng mga aklat. Ayon sa artikulong nailathala sa *Lincoln Land Community College*, ang mga dapat gamiting paraan ng pagtuturo para sa mga mag-aaral na may visual na estilo ng pagkatuto ay ang mga sumusunod: paggamit sa talakayan ng mind pictures o mind maps; pagkuha ng mga tala; paggamit ng "*clue*" sa pagbabalik aral, paggamit ng tsarts, dayagrams, at listahan; panonood; paggamit ng photographs, paggamit ng plakards; panonood ng tebisyon, at marami pang iba. Sa kabilang banda, iilan lamang ng mga mag-aaral ang may estilong tactile na may bilang na 11 o 6.7 bahagdan. Sa isang atikulo na inilathala ni Carpenter (n.d.) ang pinakamahusay na paraan upang matuto ang mga tactile na mag-aaral ay ang pagbibigay ng mga aktibidades gamit ang kanilang mga kamay. Hilingin sa mag-aaral na gumawa ng mga detalyadong tala. Kung ang estudyante ay nagbabasa ng teksto, hilingin sa mag-aaral na i-highlight, gamit ang maliliwanag na kulay, ang mga bahagi ng teksto na interesado sila. Dapat pahintulutan ng mga guro ang mga tactile na nag-aaral na ma-access ang teknolohiya tulad ng mga calculator at computer upang panatilihing nakatuon ang mga mag-aaral, pati na rin bigyan ang mga estudyante ng mga hands-on na aktibidad kung kinakailangan. Nangangahulugan kung gayon na karamihan sa mga mag-aaral na nasa ikapitong baitang ay kabilang sa auditory na estilo ng pagkatuto. Samantala, napakakaunti lamang sa kanila ang may estilong tactile. Ang resultang ito ay may pagkakatulad sa pananaliksik ni Pataueg (2015) na nagpapakita na mas pinipili ng mga mag-aaral ang auditory kaysa tactile. Ito ay akma rin sa pananaliksik ni Fayombo (2015) na pinakamaliit pa rin ang pumipili sa tactile at

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

kinesthetic. Salungat naman ito sa pananaliksik ni Reid (1987) sa mga mag-aaral ng ESL na mas pinipili ng mga mag-aaral ang tactile at kinesthetic kaysa auditory. Ito ay salungat naman sa pag-aaral na ginawa ni Cuadra (2011) na lumitaw rito na higit na naging epektibo ang pagkatuto ng isang mag-aaral kung siya ay may nakikitang mga visual aids at iba pang edukasyunal na mga bagay.

**Relasyon ng Estilo ng Pagkatuto at ang Propayl ng mga Tagatugon**

**Talahanayan 5. Relasyon ng Estilo ng Pagkatuto at Kasarian ng mga Tagatugon**

| Estilo | Kasarian | | Total | $X^2$ value | p-value |
|---|---|---|---|---|---|
| | Babae | Lalaki | | | |
| Visual | 8 | 9 | 17 | 22.068* | 0.001 |
| Auditory | 28 | 13 | 41 | | |
| Kinesthetic | 12 | 11 | 23 | | |
| Tactile | 5 | 6 | 11 | | |
| Group | 10 | 28 | 38 | | |
| Individual | 25 | 8 | 33 | | |
| Total | 88 | 75 | 163 | | |

*Legend: * = significant*

Maipapakahulugan mula sa resulta na mayroong mas mataas na posibilidad na ang mga babae ay higit na natututo gamit ang estilong auditory at may mas mataas na posibilidad na ang mga lalaki ay higit na natuto gamit ang estilong group. Dahil sa resultang ito, pinasusubalian ng pag-aaral ang null hypothesis na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng estilo ng pagkatuto ng mga respondent at ang kanilang kasarian. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sumusuporta sa pananaliksik ni Masic (2020) at Sarabi, *et al.*, (2015) may kinalaman sa estilo ng pagkatuto, at kasarian ng mga mag-aaral. Lumitaw sa kanilang pananaliksik na ang kasarian ay mayroong makabuluhang epekto sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Salungat naman ito sa resulta ng pananaliksik nina Shuib at Azizam (2015) na ang mga lalaki at babaeng mag-aaral ay higit na natututo gamit ang estilong biswal o ang pagkatuto sa pamamagitan ng mga larawan, simbolo at iba pang uri ng biswal na respresentasyon. Ayon sa artikulong nailathala ni Jansen *Global Listening Centre*, ang kababaihan ay mas magaling sa pakikinig dahil kapag nakikining ang isang lalaki, ang gumagana lamang ay ang kanyang *left brain hemisphere.* Samantala, kapag ang mga babae naman ang nakikinig, ang parehong *right* at *left brain hemisphere* ang gumagana sa kanila.  Sa kabilang banda, ayon sa artikulo na na isinulat ni Quigley (2016), ang mga lalaki kapag naisali sa isang pangkat ay mas tumataas ang kanilang kagustuhan na matapos ang isang gawain, mas ginaganahan silang pagbutihin ang kanilang pag-aaral.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 6. Relasyon ng Estilo ng Pagkatuto at Pinagtapusang Elementarya ng mga Tagatugon**

| Estilo | Pinagtapusang Elementarya | | | Total | $X^2$ value | p-value |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Private School | Public Central School | Public Barangay School | | | |
| Visual | 1 | 5 | 11 | 17 | 20.413* | 0.026 |
| Auditory | 15 | 13 | 13 | 41 | | |
| Kinesthetic | 8 | 8 | 7 | 23 | | |
| Tactile | 4 | 6 | 1 | 11 | | |
| Group | 16 | 16 | 6 | 38 | | |
| Individual | 12 | 15 | 6 | 33 | | |
| Total | 56 | 63 | 44 | 163 | | |

*Legend: * = significant*

Nangangahulugan itong may posibilidad na ang mga nagtapos sa *private school* at *public central school* ay higit na natututo sa gamit ang estilong group o pangkatan. Samantala, ang mga nagtapos naman sa *public barangay school* ay may posibilidad na sila ay higit na natututo gamit ang estilong *auditory*. Dahil sa resultang ito, pinasusubalian ng pag-aaral ang *null hypothesis* na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng estilo ng pagkatuto ng mga tagatugon at ang kanilang pinagtapusang elementarya. Ang nasabing resulta ay taliwas sa pananaliksik ni Magulod (2019) tungkol sa estilo ng pagkatuto at akademikong performans, natuklasan niya sa kanyang pag-aaral bagaman ang pinagtapusang elementarya ay mayroong makabuluhang epekto sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral, natuklasan niya na karamihan sa mga mag-aaral na nagtapos sa public schools ay higit na natututo gamit ang estilong *individual* hindi sa mga estilong panggrupo.

**Talahanayan 7. Relasyon ng Estilo ng Pagkatuto at Kinabibilangang Etnolinggwistikong Grupo ng mga Tagatugon**

| Estilo | Kinabibilangang Etnolinggwistikong Grupo | | | | | Total | $X^2$ value | p-value |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Tagalog | Ilokano | Gaddang | Yogad | Iba Pa | | | |
| Visual | 12 | 4 | 0 | 0 | 1 | 17 | $19.127^{ns}$ | 0.514 |
| Auditory | 35 | 3 | 0 | 1 | 2 | 41 | | |
| Kinesthetic | 19 | 3 | 1 | 0 | 0 | 23 | | |
| Tactile | 10 | 0 | 0 | 0 | 1 | 11 | | |
| Group | 29 | 5 | 1 | 0 | 3 | 38 | | |
| Individual | 32 | 1 | 0 | 0 | 0 | 33 | | |
| Total | 137 | 16 | 2 | 1 | 7 | 163 | | |

*Legend: ns = not significant*

Batay sa datos walang makabuluhang at direktang ugnayan sa pagitan ng estilo ng pagkatuto at kinabibilangang etnolinggwistikong grupong kinabibilangan ng mga tagatugon. Dahil dito, ang *null hypothesis* ng pag-aaral na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral at ang kanilang kinabibilangang etnolinggwistikong grupo ay pinagtitibay. Ang nabanggit na resulta ay salungat sa natuklasan ni Jia-Ying (2011) at Song at Oh (2011) kanilang pananaliksik na ang kulturang kinabibilangan ay nakaaapekto sa estilo ng pagkatuto.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Relasyon ng Estilo ng Pagkatuto at Social Networking Site na Ginagamit ng mga Tagatugon**

Talahanayan 8. Relasyon ng Estilo ng Pagkatuto at ang Dalas ng Paggamit ng mga Tagatugon sa FaceBook bilang Social Networking Site

| Estilo | Facebook | | | | | Total | $X^2$ value | p-value |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Hindi Ginagamit | Madalang (1-2 araw) | Madalas (3-4 araw) | Napakadalas (5-6 araw) | Lubhang Napakadalas (Araw-araw) | | | |
| Visual | 0 | 3 | 0 | 5 | 9 | 17 | $16.174^{ns}$ | 0.706 |
| Auditory | 2 | 5 | 8 | 7 | 19 | 41 | | |
| kinesthetic | 0 | 1 | 3 | 5 | 14 | 23 | | |
| Tactile | 1 | 2 | 3 | 2 | 3 | 11 | | |
| Group | 1 | 3 | 3 | 8 | 23 | 38 | | |
| Individual | 2 | 2 | 4 | 6 | 19 | 33 | | |
| Total | 6 | 16 | 21 | 33 | 87 | 163 | | |

*Legend: ns = not significant*

Ipinapakita sa talahanayan na walang makabuluhan at direktang ugnayan sa pagitan ng estilo ng pagkatuto at ang dalas ng paggamit ng mga mag-aaral sa *FaceBook*. Dahil dito, pinagtitibay ng pag-aaral na ito ang *null hypothesis* na nagsasabing walang makabuluhang relasyon sa pagitan ng dalas ng paggamit ng *FaceBook* at ang estilo ng pag-aaral ng mga tagatugon. Salungat ito sa pananaliksik ni Abainza (2014) tungkol sa magangdang dulot ng *social media* sa mga kabataan, ang *social media* katulad ng *FaceBook* ay isang daan na maaaring makapagdulot ng maganda sa mga kabataan. Pinapadali nito ang pangangalap ng mga mag-aaral ng impormasyon. Salungat naman ito sa sinabi nila Andoque *et al*., (2015) na karamihan sa kanilang tagatugon ay nawawalan ng gana mag-aral dahil sa paggamit ng *FaceBook.*

**Talahanayan 9. Relasyon ng Estilo ng Pagkatuto at ang Dalas ng Paggamit ng mga Tagatugon sa Messenger bilang Social Networking Site**

| Estilo | Messenger | | | | Total | $X^2$ value | p-value |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Madalang (1-2 araw) | Madalas (3-4 araw) | Napakadalas (5-6 araw) | Lubhang Napakadalas (Araw-araw) | | | |
| Visual | 1 | 3 | 3 | 10 | 17 | $6.611^{ns}$ | 0.968 |
| Auditory | 1 | 5 | 6 | 29 | 41 | | |
| Kinesthetic | 0 | 2 | 3 | 18 | 23 | | |
| Tactile | 0 | 2 | 1 | 8 | 11 | | |
| Group | 0 | 6 | 3 | 29 | 38 | | |
| Individual | 1 | 3 | 4 | 25 | 33 | | |
| Total | 3 | 21 | 20 | 119 | 163 | | |

*Legend: ns = not significant*

Mahihinuha mula sa resulta na mayroong posibilidad na gaano man kadalas ang paggamit sa messenger ng mga tagatugon ay walang itong tiyak na epekto sa kanilang estilo ng pagkatuto. Dahil sa resultang ito, tinatanggap ng pag-aaral na ang *null hypothesis* ng pag-aaral na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan ang dalas ng paggamit ng mga tagatugon sa Messenger at ang kanilang estilo ng pag-aaral. Batay sa resulta ng pananaliksik ni Lama (2022) hinggil sa paggamit ng Messenger bilang kagamitan sa pagtuturo ng wika, sinabi nilang kapaki-pakinabang ang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

paggamit ng Messenger sa pag-aaral ng wika. Ganito rin ang sinabi nina at Samani and Noordin (2020) na ang Messenger ay nakatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat ito ay nagbibigay ng maraming kaakit-akit na pasilidad.

Talahanayan 10. Relasyon ng Estilo ng Pagkatuto at ang Dalas ng Paggamit ng mga Tagatugon sa Instagram bilang Social Networking Site

| Estilo | Instagram | | | | | Total | $X^2$ value | p-value |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Hindi Ginagamit | Madalang (1-2 araw) | Madalas (3-4 araw) | Napakadalas (5-6 araw) | Lubhang Napakadalas (Araw-araw) | | | |
| Visual | 9 | 2 | 2 | 4 | 0 | 17 | 21.834$^{ns}$ | .350 |
| Auditory | 15 | 10 | 11 | 2 | 3 | 41 | | |
| Kinesthetic | 9 | 6 | 1 | 5 | 2 | 23 | | |
| Tactile | 5 | 3 | 1 | 1 | 1 | 11 | | |
| Group | 15 | 6 | 3 | 7 | 7 | 38 | | |
| individual | 10 | 6 | 6 | 5 | 6 | 33 | | |
| Total | 63 | 33 | 24 | 24 | 19 | 163 | | |

*Legend: ns = not significant*

Ipinakikita sa Talahanayan walang makabuluhan at direktang ugnayan ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral at ang dalas ng kanilang paggamit sa Instagram. Pinagtitibay ng resultang ito ang *null hypothesis* ng pag-aaral na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral at ang dalas ng kanilang paggamit sa Instagram. Sinang-ayunan ito ng naging resulta ng pananaliksik ni Quintos (2013) na ang mga mag-aaral ay hindi gaanong ginagamit ang Instagram kaya't nakita niyang hindi nakaaapekto sa kanilang pagkatuto ang paggamit nito.

**Talahanayan 11. Relasyon ng Estilo ng Pagkatuto at ang Dalas ng Paggamit ng mga Tagatugon sa Twitter bilang Social Networking Site**

| Estilo | Twitter | | | | | Total | $X^2$ value | p-value |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Hindi Ginagamit | Madalang (1-2 araw) | Madalas (3-4 araw) | Napakadalas (5-6 araw) | Lubhang Napakadalas (Araw-araw) | | | |
| Visual | 12 | 2 | 1 | 0 | 2 | 17 | 20.790$^{ns}$ | .410 |
| Auditory | 28 | 9 | 2 | 1 | 1 | 41 | | |
| kinesthetic | 15 | 5 | 0 | 3 | 0 | 23 | | |
| Tactile | 7 | 3 | 0 | 0 | 1 | 11 | | |
| Group | 23 | 8 | 1 | 3 | 3 | 38 | | |
| individual | 12 | 12 | 3 | 4 | 2 | 33 | | |
| Total | 97 | 39 | 7 | 11 | 9 | 163 | | |

*Legend: ns = not significant*

Nangangahulugang walang makabuluhan at direktang ugnayan sa pagitang ng estilo ng pagkatuto at ang dalas ng paggamit social networking na Twitter. Dahil sa resultang ito, tinatanggap ng pag-aaral na ito ang *null hypothesis* ng pag-aaral na ito na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan ang dalas ng paggamit ng mga tagatugon sa twitter at ang kanilang estilo ng pag-aaral. Ayon kay Quintos (2013) sa kanyang pananaliksik ang Twitter ay nakapagbibigay

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

ng impormasyon ukol sa kasalukuyang mga isyu sa loob at labas ng bansa na nagbibigay ng kaalaman sa mga mag-aaral tungkol sa mga pangyayari sa mundo.

**Talahanayan 12. Relasyon ng Estilo ng Pagkatuto at ang Dalas ng Paggamit ng mga Tagatugon sa Tiktok bilang Social Networking Site**

| Estilo | Tiktok | | | | | Total | $X^2$ value | p-value |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Hindi Ginagamit | Madalang (1-2 araw) | Madalas (3-4 araw) | Napakadalas (5-6 araw) | Lubhang Napakadalas (Araw-araw) | | | |
| Visual | 0 | 0 | 1 | 2 | 14 | 17 | $14.715^{ns}$ | .792 |
| Auditory | 1 | 3 | 2 | 2 | 33 | 41 | | |
| kinesthetic | 1 | 1 | 0 | 1 | 20 | 23 | | |
| Tactile | 0 | 0 | 1 | 0 | 10 | 11 | | |
| Group | 3 | 3 | 2 | 5 | 25 | 38 | | |
| individual | 3 | 3 | 0 | 3 | 24 | 33 | | |
| Total | 8 | 10 | 6 | 13 | 126 | 163 | | |

*Legend: ns = not significant*

Nagsasaad na walang makabuluhan at direktang ugnayan ang dalawa. Dahil sa resultang ito, pinagtitibay ng pag-aaral na ito ang *null hypothesis* ng pag-aaral na ito na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan ang dalas ng paggamit ng mga tagatugon sa Tiktok at ang kanilang estilo ng pag-aaral. Salungat ito sa pananaliksik ni Cabanalan at Aycardo (2016), na nakapokus sa TikTok bilang makabagong dulog sa pagtuturo. Ayon sa naging resulta, ang TikTok ay nakatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay na rin sa pagtaas ng iskor sa pagsusulit ng mga tagatugon, na mula sa markang medyo kasiya-siya sa umpisa at ito ay naging kasiya-siya pagkatapos gamitin ang TikTok sa talakayan.

**Talahanayan 13. Relasyon ng Estilo ng Pagkatuto at ang Dalas ng Paggamit ng mga Tagatugon sa YouTube bilang Social Networking Site**

| Estilo | Youtube | | | | | Total | $X^2$ value | p-value |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Hindi Ginagamit | Madalang (1-2 araw) | Madalas (3-4 araw) | Napakadalas (5-6 araw) | Lubhang Napakadalas (Araw-araw) | | | |
| Visual | 1 | 3 | 6 | 3 | 4 | 17 | $19.480^{ns}$ | 0.491 |
| Auditory | 2 | 11 | 10 | 6 | 12 | 41 | | |
| kinesthetic | 0 | 4 | 8 | 2 | 9 | 23 | | |
| Tactile | 0 | 2 | 5 | 1 | 3 | 11 | | |
| Group | 0 | 8 | 6 | 13 | 11 | 38 | | |
| individual | 1 | 4 | 8 | 11 | 9 | 33 | | |
| Total | 4 | 32 | 43 | 36 | 48 | 163 | | |

*Legend: ns = not significant*

Nangangahulugan ito na ang dalas sa paggamit ng YouTube ay walang direktang ugnayan sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Pinagtitibay kung gayon ng pag-aaral na ito ang *null hypothesis* na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral at ang dalas ng kanilang paggamit sa YouTube bilang *Social Networking Site*. Gayunpaman, sa pag-aaral ni Catacutan (2016) na naglalayong mailarawan ang paggamit ng YouTube bilang pamaraang pampagkatuto sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, ang mga iskor ng mga tagatugon sa pagsusulit ay tumaas pagkatapos niyang gamitin ang YouTube sa pagtuturo.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Sa kabuuan, pinatutunayan sa pag-aaral na ito na ang dalas ng paggamit sa anomang *Social Networking Site* tulad ng Messenger, FaceBook, Twitter, Tiktok at YouTube ay walang makabuluhang ugnayan sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sang-ayon ito sa resulta ng pananaliksik nina Balakrishnan at Gan (2016) na may kinalaman rin sa estilo ng pagkatuto at paggamit ng social media. Ipinahayag nila na anoman ang estilo ng pagkatuto mag-aaral ay wala itong kinalaman o ugnayan sa paggamit ng social media. Ito ay taliwas sa natuklasan nina Dalit-Castillo (2018), Soetan *et al*. (2022), Hussain *et al.* (2016) sa kanilang pananaliksik na ang paggamit ng mga mag-aaral ng social media ay nakaaapekto sa kanilang iba't ibang estilo sa pagkatuto.

**Akademikong Performans ng mga Mag-aaral sa Una at Ikalawang Markahan sa Asignaturang Filipino ng Taong Panuruang 2022-2023**

Binigyang pansin sa pananaliksik na ito ang akademikong performans ng mga mag-aaral sa una at ikalawang markahan sa asignaturang Filipino ng Taong Panuruan 2022-2023.

**Talahanayan 14. Akademikong Performans ng mga Mag-aaral sa Una at Ikalawang Markahan sa Asignaturang Filipino ng Taong Panuruang 2022-2023**

| Akademikong Performans | Unang Markahan | | Ikalawang Markahan | | Average | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Frequency | Percent | Frequency | Percent | Frequency | Percent |
| 75-79 Fairly Satisfactory | 9 | 5.5 | 3 | 1.8 | 5 | 3.1 |
| 80-84 Satisfactory | 33 | 20.2 | 46 | 28.2 | 41 | 25.2 |
| 85-89 Very Satisfactory | 57 | 35.0 | 85 | 52.1 | 70 | 42.9 |
| 90-100 Outstanding | 64 | 39.3 | 29 | 17.8 | 47 | 28.8 |
| Total | 163 | 100.0 | 163 | 100.0 | 163 | 100.0 |

Pinatutunayan ng resulta na karamihan sa mga mag-aaral ay may *outstanding*, *very satisfactory*, at *satisfactory* na akademikong performans sa pinagsamang una at ikalawang markahan sa asignaturang Filipino.

**Relasyon ng Estilo ng Pagkatuto at Akademikong Performans sa Filipino**

**Talahanayan 15. Relasyon sa pagitan ng Estilo ng Pagkatuto at Akademikong Performans ng mga Respondents**

| Estilo | Grado 75-79 Fairly Satisfactory | 80-84 Satisfactory | 85-89 Very Satisfactory | 90-100 Outstanding | Total | $X^2$-value | p-value |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Visual | 3 | 5 | 8 | 1 | 17 | 35.313* | .002 |
| Auditory | 0 | 12 | 17 | 12 | 41 | | |
| Kinesthetic | 1 | 4 | 13 | 5 | 23 | | |
| Tactile | 0 | 3 | 4 | 4 | 11 | | |
| Group | 1 | 15 | 14 | 8 | 38 | | |
| Individual | 0 | 2 | 14 | 17 | 33 | | |
| Total | 5 | 41 | 70 | 47 | 163 | | |

*Legend: * = significant*

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Ayon sa talahanayan, may makabuluhan at direktang ugnayan ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong performans sa asignaturang Filipino. Dahil sa resultang ito, pinasusubalin ang *null hypothesis* ng pag-aaral na angsasaad na walang makabuluhang ugnayan ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong performans. Pinatutunayan sa pag-aaral na ito na may mas mataas na posisbilidad na ang mga tagataugon na ang akademikong performans sa asignaturang Filipino ay kabilang sa *fairly satisfactory* ay higit na natututo gamit ang estilong *visual* o higit na natututo kapag nakikita nilang nakasulat o nakalarawan ang tinatalakay ng guro. Ang mga mag-aaral na kabilang sa *fairly satisfactory* ay ang mga mag-aaral na may mababang marka. Kaya naman nangangailangan sila ng maraming karagdagang tulong sa pag-aaral upang mas maunawaan nila ang talakayan. Dahil dito, akma para sa kanila ang visual na estilo ng pagkatuto. Gaya nga ng nailathala sa dyurnal na *Lincoln Land Community College* at sa *Stafford Global (2020),* maraming pantulong sa pagtuturo ang ginagamit sa *visual*, kaya mas madaling naiintindihan ng mga mag-aaral ang talakayan. Makikita rin sa talahanayan na ang mga tagatugon na kabilang sa performans na *satisfactory* ay higit na natututo gamit ang estilong *group* o pangkatan o higit na natututo sa pamamagitan ng mga gawaing kolaboratibo. Kumpara sa mga mag-aaral na kabilang sa *very satisfactory*, ang mga mag-aaral na kabilang sa *satisfactory* ay nasa katamtamang lebel lamang ang kanilang pang-unawa batay na rin sa kanilang mga marka, kaya sila pa rin ay nangangailangan ng kaunting gabay sa pagkatuto. Pinatutunayan ito ng lumabas sa resulta na mas ginagamit nila ang group na estilo ng pagkatuto upang maunawaan ang talakayan. Nakasaad sa dyurnal na *IPL- Five Characteristics of Cooperative Learning*, na sa group na estilo ng pagkatuto, ang mga mag-aaral ay may pagkakataong magtulungan at makipag-ugnayan sa sa isa't isa sa isang kapaligiran na may mababang *stress* at mataas na awtonomiya na nagbibigay-daan din sa pagtataguyod ng personal na responsibilidad at panlipunang relasyon sa pagitan nilang lahat. Ang mga mag-aaral na nasa performans na *Very Satisfactory* ay mayroong mataas na posibilidad na higit silang natututo gamit ang estilong *auditory*. Batay sa grado ng mga nasa kategoryang *Very Sarisfactory*, sila ang mga mag-aaral na mahusay sa klase at kailangan lamang ng kaunting tulong panturo para sa kanila. Kaya naman, sapat na sa kanila ang auditory na estilo ng pagkatuto dahil sa estilong ito, sila ay may kaunting tulong na nakukuha sa pamamagitan ng audio dahil ang kanilang istilo ay auditory, ayon ito sa dyurnal na nailathala sa *BAU- Bay Atlantic University (*2022*)*. Panghuli, ang mga tagatugon na kabilang sa kategoryang *outstanding* na akademikong performans ay may mataas na posibilidad na higit na natututo gamit ang estilong *individual* o higit na natututo kapag sila ay mag-isa lamang na gumagawa ng mga aktibidades na binibigay ng mga guro. Ayon kay Candy (1991) , may anim (6) na katangian ang ang estilong individual o pag-aaral nang mag-isa. Ito ang ang *curiosity, self motivation, self-examination, accountability, critical thinking,* at *persistence.* Ibig sabihin, ang estilong indibidwal ay nangangailangan ng mataas na kognitibo, metakognitibo, at apektibong kasanayan (Vinikas, 2022). Ang mga nasabing katangian ay tanging ang mga lubhang mahuhusay lamang sa klase ang may malaking posibilidad na mayroon ng mga katangiang nabanggit. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sumusuporta sa pag-aaral ni Magulod (2019) at nina Ejercito, *et al.* (2017). Ang kanilang pananaliksik ay sumuri sa ugnayan ng estilo ng pagkatuto at

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

akademikong performans ng mga mag-aaral. Napatunayan sa kanilang pag-aaral na mayroong tiyak at direktang ugnayan ang estilo ng pag-aaral at akademikong performans ng mga mag-aaral. Natuklasan pa sa kanilang pag-aaral na kung ang mga mag-aaral ay natuturuan gamit ang kani-kanilang mga tiyak na estilo ng pagkatuto, higit na madali nilang matutunan ang mga kaalaman, kasanayan at kompetensing nakalaan para sa iba't ibang asignatura sa paaralan. Gayundin ang pag-aaral na isinagawa nina Ha (2021), Samarakoon *et al.* (2013), Habibpour *et al*. (2016) at Panahi *et al.* (2012), at Ogechinyere (2017) na ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral at kanilang akademikong performans ay mag makabuluhang ugnayan. Sa kabilang dako, sinasalungat ng pag-aaral na ito ang mga pananaliksik nina Hanawi (2022), Janatolmakan, *et al*. (2021), Dayon (2018), Awang *et al.* (2017), Mozaffari, *et al.* (2023), at Almigbal, *et al.* (2015) na ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay walang makabuluhang ugnayan sa akademikong performans ng mga ito. Kung magkaroon man ng ugnayan, lumilitaw pa rin sa pananaliksik ni Dayon (2018) na hindi lahat ng estilo ng pagkatuto ay nakatutulong upang magkaroon ng mataas na akademikong performans ang mga mag-aaral sa kanilang mga asignatura. Ayon sa kanya, hindi naaapektuhan ang akademikong performans ng mga mag-aaral kung sila ay may *group* at *individual* o *independent* na estilo ng pagkatuto.

## IV. Konklusyon

Batay sa naging resulta, narito ang konklusyon ng pag-aaral.

1. Sa profayl ng mga mag-aaral. Karamihan sa tagatugon ay babae. Pagdating naman sa kanilang pinagtapusang elementarya, nangibabaw ang public central school. Samantala, halos lahat ng mga tagatugon ay kabilang sa etnolinggwistikong grupo na Tagalog at ang lubhang napakadalas nilang gamiting social networking site ay Messenger.

2. Karamihan sa mag-aaral ay mas natututo gamit ang estilong auditory. Sinundan ito ng group, individual, kinesthetic, visual, at panghuli ang tactile.

3. Ipinakita ng mga naging resulta na dalawa sa apat na propayl baryabol ang may kaugnayan lamang sa estilo ng pagkatuto. Ito ay ang kasarian, at pinagtapusang elementarya. Ibig sabihin, ang mga babae at lalaki ay magkaiba ng preperensya pagdating sa estilo ng pagkatuto. Gayundin ang mga mag-aaral na nagtapos sa public central school, public barangay school, at private school ay may kanya-kanya silang estilo ng pagkatuto. Nangangahulugan ito na ang pinagtapusang elementarya ay nakaiimpluwensiya sa kung anong estilo ng mag-aaral mas higit na natututo. Sa kabilang dako, ang paggamit ng mga mag-aaral sa social networking sites pati na rin ang kinabibilangan nilang etnolinggwistikong grupo ay hindi nakaaapekto sa kung anong estilo ng mag-aaral mas higit na natututo.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

4. Napatunayan din na karamihan sa mga tagatugon ay kabilang sa kategoryang Very Satisfactory at napakaunti lamang ang kabilang sa Fairly Satisfactory.

5. Ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay naaapektuhan ng kanilang akademikong perfomans sa asignaturang Filipino. Ang mga lubhang mahuhusay na mag-aaral ay mas nais ang estilong individual, samantala ang mga mag-aaral na may mababang lebel ng pang-unawa ay mas natututo sa estilong visual.

Batay sa resulta, nangangailangan ito ng interbensyon. Ang mga guro ay dapat na mas mapalalim pa ang kaalaman tungkol sa iba't ibang paraan ng pagtuturo na angkop sa bawat estilo ng pagkatuto ng ma-g mag-aaral sa pamamagitan ng training o pagsasanayom

## V. Recommendations

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na mungkahi ay nabuo:

1. Gamitin ng paaralan ang interbensyon ng mananaliksik tungkol sa pagkakaroon ng training o pagsasanay ng mga guro patungkol sa ibat't ibang estratehiya ng pagtuturo na angkop sa bawat estilo ng pagkatuto.

2. Iminumungkahing ang mga guro ay gumamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ang iba-ibang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Bilang resulta na *auditory* na estilo ang ginagamit ng karamihan, ang mga guro ay dapat gumamit ng mga estratehiya sa pagtuturo na naaangkop rito.

3. Ang mga mag-aaral naman ay hinihikayat na alamin ang kanilang estilo ng pagkatuto at kung paano nila ito magagamit o mapakikinabangan upang maging mahusay ang kanilang pagkatuto.

4. Para sa mga mananaliksik sa hinaharap, maaari silang magsagawa ng pananaliksik tugkol sa ugnayan estilo ng pagkatuto, estratehiya ng guro, at motibasyon ng mga mag-aaral.

## REFERENCES

[1] Abante, M. E. R., Almendral, B. C., Manansala, J. E., & Mañibo, J. (2014). "Learning Styles and Factors Affecting the Learning of General Engineering Students". International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development, 3(1), 16–30.
[2] Alavi, S. & Toozandehjani H. (2017). "The Relationship between Learning Styles and Students' Identity Styles"
[3] Almigbal TH. (2015). "Relationship between the learning style preferences of medical students and academic achievement". Saudi Med J. 2015;36 (3):349. doi:10.15537/smj.2015.3.10320
[4] Awang, H., Abd Samad, N., Faiz, N. M., Roddin, R., & Kankia, J. D. (2017, August). "Relationship between the learning styles preferences and academic achievement". In IOP

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Conference Series: Materials Science and Engineering (Vol. 226, No. 1, p. 012193). IOP Publishing.
[5] Barun, M., Schaller, D., Chambers, M. & Allison-Bunnell (2010). “Implications of learning style, age group, and gender for developing online activities”. Visitor Studies, 13(2), 149-152.
[6] Balakrishnan, V., & Gan, C. L. (2016). “Students’ learning styles and their effects on the use of social media technology for learning”. Telematics and Informatics, 33(3), 808-821.
[7] Bethel-Eke, Ogechinyere & Eremie, Maxwell. (2017). “Learning Styles and Academic Performance of Junior Secondary School Student in Rivers State: Implications for Counselling. International Journal of Innovative Research and Development”. 5. 52-61.
[8] Brady, M., & Tsay, M. (2010). “A Case Study of Cooperative Learning and Communication”
[9] Cabanalan J. & Aycardo (2021). “TIKTOK: BILANG MAKABAGONG PANDULOG AT ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILIPINO”. EPRA International Journal of Research and Development (IJRD). Vol. 6.
[10] Candy, P. C. (1991). “Key issues for research in self-directed learning. Studies in Continuing Education,” 10(2), 104-124.
[11] Catacutan, R. A. (2016). “Kabisaan Ng Paggamit Ng Youtube Bilang Pamaraang Pampagkatuto Sa Pagtuturo Ng Asignaturang Filipino Baitang 10 Ng Pambansang Mataas Na Paaralan Ng New Taugtog”.
[12] Cletus, D., Nizam I., Eissa A.M.K., & Khan, M.K.H. (2019). “The Impact of Learning Style on Student Performance: Mediated by Personality”. International Journal of Education, Learning and Training
[13] Dalit-Castillo (2018). “Estratehiya sa Pagtuturo, Istilo ng Pagkatuto at Akademikong Performans ng mga mag-aaral sa Filipino sa Dibisyon sa Lungsod ng Ilagan”.
[14] Dayon, C. A. (2018). “Learning Styles and Academic Performance of Students in English 3”. The ASTR Research Journal, 2(1), 1-1.
[15] Dobson JL. (2010). “A comparison between learning style preferences and sex, status, and course performance”. Adv Physiol Educ.;34 (4):197–204. doi:10.1152/advan.00078.2010
[16] Dobson JL. (2009). “Learning style preferences and course performance in an undergraduatephysiology class”. Adv Physiol Educ. 2009;33(4):308–314. doi:10.1152
[17] Ejercito, J.G.M., Ramos, M.A., & Titco, P.J.R. (2017). “Mga Estilo ng Pag-Aaral at Epekto nito sa Akademikong Pagkatuto ng mga Mag-Aaral ng Baitang 12 sa mga Strand ng ABM, HUMSS At STEM Ng La Salle Green Hills”.
[18] Fayombo G. (2015). “Learning styles, teaching strategies and academic achievement among some psychology undergraduates in Barbados”.
[19] Habibpour Sedani S, Faeedfar Z, Abdeli Sultan Ahmadi J. (2016). “A study on the learning styles of the students of Urmia University of Medical Sciences based on “vark” developing critical thinking, liveliness and achievement motivation”. J Urmia Nurs Midwifery Fac. 2016;13 (12):1089–1096.
[20] Hanawi, S. A., Saat, N. Z. M., Hanafiah, H., Taufik, M. F. A. M., Nor, A. C. M., Hendra, A. K., Zamzuri, N., Nek, S., Ramli, P. A. M., Woon, S., & et al. (2022). “Relationship between Learning Style and Academic Performance among the Generation Z Students in Kuala Lumpur. International Journal of Pharmaceutical Research and Allied Sciences,” 11(3).
[21] Ha, N. T. T. (2021). “Effects of learning style on student’s achievement: experimentalresearch.
[22] Linguistics and Culture Review,” 5(S3), 329-339.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[23] Hussain, T., Mahmood, Z., & Rasool, M. S. (2016). “A Comparative Study between the Learning Style of User and NonUser Students of social media at Elementary School Level”. Bulletin of Education and Research, 38(2), 203-209.
[24] İlçin, N., Tomruk, M., Yeşilyaprak, S. S., Karadibak, D., & Savcı, S. (2018). “The relationship between learning styles and academic performance in TURKISH physiotherapy students”. BMC medical education, 18(1), 1-8.
[25] Janatolmakan, M., Rezaei, M., & Khatony, A. (2021). “Relationship between learning styles
[26] and academic performance among virtual nursing students: A cross-sectional study”. Education Research International,
[27] Jia-Ying, L. (2011). “English learning styles of East Asian Countries: A focus on reading strategies”. International Education Studies, 4(2), 74-81.
[28] Kayalar, (2017). “The effects of Auditory Learning Strategy on Learning Skills of Language Learners” (Students' Views)
[29] Lucas, M, R, D., & Corpuz, B.D (2007). “Facilitating Learning: A Metacognitive Process”
[30] Magulod Jr, G. C. (2019). “Learning styles, study habits and academic performance of Filipino University students in applied science courses: Implications for instruction”. JOTSE: Journal of Technology and Science Education, 9(2), 184-198.
[31] Masic (2020). “The Relastionship Between Learning Styles, GPA, Shool Level and Gender
[32] Mlambo V. An analysis of some factors affecting student academic performance in an introductory biochemistry course at the University of the West Indies”. Caribbean Teach Scholar. 2011;1(2).
[33] Mozaffari, H. R., Janatolmakan, M., Sharifi, R., Ghandinejad, F., Andayeshgar, B., & Khatony, (2020). “The relationship between the VARK learning styles and academic achievement in Dental Students”. Advances in medical education and practice, 15-19.
[34] Urval RP, Kamath A, Ullal S, Shenoy AK, Shenoy N, Udupa LA. (2014). “Assessment of learning styles of undergraduate medical students using the VARK questionnaire and the influence of sex and academic performance”. Adv Physiol Educ. 2014-;38(3):216–220. doi:10.1152/advan.00024.2014
[35] Panahi R, Kazemi S, Rezaei A. (2012). “The relationship of learning styles to academic achievement: the role of gender and academic discipline”. J Iran Psychol. 2012;8(30):189 196.
[36] Penones M. (2018) “EPEKTO NG PAGGAMIT NG FACEBOOK SA MGA MAG-AARAL NG
[37] ACCESS COMPUTER COLLEGE” – CAMARIN CAMPUS.
[38] Quintos, Q. (2013) “EPEKTO NG SOCIAL MEDIA SA PAMUMUHAY NG MGA MAG-AARAL NG LAGUNA STATE POLYTECHNIC UNIVERSITY” – SCC
[39] Samarakoon L, Fernando T, Rodrigo C, Rajapakse S. (2013). “Learning styles and approaches to learning among medical undergraduates and postgraduates”. BMC Med Educ. 2013;13(1):42. doi:10.1186/1472-6920-13-42
[40] Soetan, A. K., Ololade, A. S., Onojah, A. C., & Aderogba, A. J. (2020). “The influence of social
[41] media on learning style of students in colleges of education in Kwara State, Nigeria”.Indonesian Journal of Learning and Instruction, 3(1), 11-18. doi: 10.25134/ijliv3i1.3003.
[42] Song, D., & Oh, E. (2011). “Learning styles based on the different cultural backgrounds of the KFL learners in online learning”. Multi-media Assisted Language Learning, 13(3), 133 154.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[43] Sarabi, (2015). “The Relastionship Between Learning Style Preferences and Gender, Educational Major and Status in First Year Medical Students”
[44] Wanpen, S. (2013). “The relationship between learning styles and the social network use of tertiary level students”. Procedia-Social and Behavioral Sciences, 88, 334-339

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved